ALLIR MEÐ

tölum saman um skólamenningu á Íslandi

UGNAYAN NG MAGULANG AT PAARALAN PARA SA PAG-AARAL AT KAPAKANAN NG MGA BATA

SAMSTARF FORELDRA OG SKÓLA UM NÁMIÐ OG VELFERÐ BARNA

Emilía Mlynska, konsultanteng pang-edukasyon ng banyagang mga estudyante sa Sentro ng Serbisyo ng Breiðholt

Donata Honkowicz-Bukowska, Konsultante ukol sa isyu ng mga banyagang estudyante sa Kópavogur

Batas ukol sa Obligatoryong Edukasyon

Artikulo 18

Nararapat na pangalagaan ng mga magulang ang kapakanan ng anak habang nasa edad ng obligatoryong edukasyon (…) Mayroong karapatan ang mga magulang na makatanggap ng impormasyon tungkol sa pag-aaral at mga gawain sa paaralan ng kanilang anak.

Tungkulin ng mga magulang na bigyan ang paaralan nang mahahalagang impormasyon tungkol sa anak nito na may epekto sa pag-aaral at kapakanan ng bata.

Artikulo 19

Responsibilidad ng mga magulang ang pag-aaral ng kanilang mga anak at obligasyon nilang subaybayan ang progreso ng kanilang pag-aaral kaakibat ng kanilang mga guro.

Pakikilahok ng mga magulang sa pag-aaral ng kanilang anak

- Ang pinakahangarin ng ugnayan sa pagitan ng paaralan, magulang at komunidad ay ang magkaroon ng kolaborasyon na naglalayong tulungan ang lahat ng mga bata na magtagumpay sa edukasyon at sa kanilang kinabukasan.

- Kapag mayroong kolaborasyon sa pagitan ng mga magulang, guro, mag-aaral at iba pa hinggil sa edukasyon, ay mag-uudyok ito na magkaroon ng pamayanan na mapagtalima at maasikaso sa mga mag-aaral.

Ayon sa mga pananaliksik...

- Ang positibong saloobin hinggil sa pag-aaral ay napakahalaga at naiimpluwensyahan ang tagumpay ng mag-aaral
- Mas importante ang iyong ginagawa bilang isang magulang kahit sino ka pa man
- Kung madalas na nakikipag-ugnayan ang magulang sa paaralan ay lumalakas ang tiwala ng bata sa paaralan niya. Nagiging mas positibo ang pag-uusap tungkol sa paaralan sa loob ng tahanan.
- Ang interes at obligasyon ng mga magulang ang susi sa maayos na pag-aaral ng bata.

Mga pakinabang ng maayos na kolaborasyon

- Mas masaya ang bata sa paaralan
- Dagdag na gana sa pag-aaral at mas maayos na katayuang pang-akademiko
- Mas may tiwala sa sarili ang mag-aaral
- Mas nagsisikap at mas kakaunti ang tumitigil sa pag-aaral
- Karagdagang positibong saloobin ng magulang at mag-aaral sa paaralan
- Adisyunal na kaalaman at kakayahan ng mga magulang sa kanilang responsibilidad sa pagpapalaki at pagtuturo sa anak.

Mga katangian ng mabubuting magulang

- Sila ay mabubuting ehemplo
- Mataas ang pangarap para sa mga anak
- Ipinapakita nila ang kanilang interes
- Madalas na nakikipag-usap sa mga anak nila

Mga katangian ng mabubuting magulang

- Sinusuportahan nila ang paaralan
- Wala silang sinasabing negatibo tungkol sa guro o sa paaralan na naririnig ng kanilang mga anak.
- Mayroon silang malinaw na mga patakaran at sinusunod ang mga ito.
- Sumasangguni sila at humahanap ng tulong kapag kinakailangan.

Karaniwang ugnayan o kolaborasyon

- Dumalo sa mga pagpupulong
- Tumulong sa mga takdang-aralin
- I-report sa paaralan kung may sakit ang anak
- Siguraduhing may sapat na mga gamit pang-eskwela ang anak

Mga nakatutulong na website na maaari nating gamitin

Google Translate

Maaari itong gamitin sa pakikipag-usap.
Hindi ito perpekto ngunit maaari itong gamitin para tulungan tayong magkaintindihan sa pang-araw-araw na pakikipag-usap.

- Isulat ang nais mong sabihin sa guro
- Maaari mong gamitin ang Google Translate para maintindihan ang mga mensahe galing sa guro, at maaring gamitin din ito ng guro para maintindihan ang mensaheng ipapadala mo sa kaniya.
- Importanteng gumamit ng mga maiikli at simpleng mga pangungusap.
- Minsan ay mas gumagana ito kapag ang gamit natin ay wikang Ingles.

Diksyunaryo atbp.:
www.snara.is - islenska, enska, pólska , spænska, franska, ítalska, danska
https://is.glosbe.com/is/lt/leita - maraming mga wika
http://www.mcc.is/english/ - impormasyon tungkol sa Iceland sa iba‘t-ibang wika.

Icelandic bilang ikalawang wika

Bagaman kaunti lang ang ating naiintindihan o maski wala tayong naiintindihan…

- Makinig tayo sa anak habang nagbabasa ito sa wikang Icelandic (Hindi natin sila kailangang itama).
- Itanong natin sa kanila ang mga bagong salitang natutunan nila sa paaralan.
- Magkasama tayong matutuo ng mga salita.
- Ituro natin sa mga anak ang mga maaaring makatulong – sa internet, mga video, diksyunaryo
- Maghanap tayo ng mga libro sa ating wikang kinagisnan
- Ipakita ang ating interes at pag-intindi
- Maging positibo tayo

… subalit ituro din nating mga magulang ang ating wikang kinagisnan!

Icelandic sa internet

- https://www.mms.is/krakkavefir
- http://tungumalatorg.is/
- http://icelandiconline.is/index.html

Bilang panghuli…

- Bilang magulang, may obligasyon at karapatan kayo na impluwensyahan ang pag-aaral ng inyong anak. Ang maayos na pagbibigayan ng impormasyon sa pagitan ninyo at ng paaralan ang siyang magbibigay-daan upang mas mapabuti ang kalagayan at pag-aaral ng inyong anak.
- Ang kapakanan ng mga bata at maayos na akademikong progreso nito ay naitataguyod sa pamamagitan ng magandang ugnayan at kolaborasyon sa pagitan ng mga magulang at paaralan.
- Maging positibo at magtiwala tayo sa paaralan at sa mga kawani nito.
- Wag nating kalimutan na tayong mga magulang ang siyang modelo ng ating mga anak – ipakita natin ang ating interes sa wikang Icelandic at wag nating kalimutan ang ating wikang kinagisnan.
- Maghanap tayo ng tulong kung kailangan!